



MAY 24 2010

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN

Blg. .. 226 , s. 2010


**IKALAWANG PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO NG IBA'T
IBANG ESTRATEHIYA SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pampridadong Paaralang Elementarya
at Sekundarya

1. Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino, (PSWF), Rehiyon XIII Caraga, ay magdaraos ng "*Ikalawang Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Iba't Ibang Estratehiya sa Wika at Panitikang Filipino*" pokus sa Banghay-Aralin, Konstruksiyon ng Test at Table of Specification (TOS), ang malikhaing pagtuturo sa apat na makrong kasanayan, pagtuturo ng madula at di-madulang sabayang pagbigkas at masining na pagkukuwento sa Setyembre 15-17, 2010 sa Gateway Hotel, Lungsod ng Surigao.
2. Ang seminar-worksyap na ito ay gaganapin sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Mataas na Paaralan (CHED), Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), Dibisyon ng mga Wika sa Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan ng Caraga State University, Ampayon, Lungsod ng Butuan.
3. Ang layunin ng seminar-worksyap na ito ay ang mga sumusunod:
 - a. mapaunlad ang kaalaman ng mga guro sa makabagong pamamaraan sa pagsulat at paggawa ng banghay aralin sa asignaturang Filipino at silabus sa tersyarya;
 - b. magkaroon ng higit na mabisa at makabagong paraan sa paghahanda ng mga pagsusulit sa Filipino/konstruksiyon ng test at paggawa ng Table of Specification (TOS);
 - k. matutunan ng mga guro ang kasalukuyang pamamaraan sa pagtuturo ng madula at di-madulang sabayang pagbigkas upang magiging epektibo sa pagtuturo sa mga mag-aaral;
 - c. mailahad ng mga guro sa mga estudyante ang makabagong pamamaraan sa pagsulat ng maikling kuwento at makapagkuwento ng masining gamit ang iba't ibang estratehiya; at
 - d. mapalawak ang kaalaman ng mga guro sa katutubong wikang pinagsalin upang magiging epektibo sa pagtuturo sa klase.



4. Ang mga aanyayahang dadalo ay mga direktor ng kawanihan at panrehiyon, mga pinuno ng mga kolehiyo at pamantasang pampamahalaan at mga pribadong pampamahalaan.
5. Ang butaw ng bawat kalahok ay ang mga sumusunod:
 - a. **Live-in** - Apat na Libo at Pitong Daang Piso (PhP4,700.00) para sa akomodasyon o matutuluyan sa tatlong araw na seminar, tatlong pananghalian, anim na isnak sa umaga at hapon, kit, handawt, sertipiko, isang T-shirt, lakbay-aral sa lungsod ng Surigao; at
 - b. **Live-out** - Tatlong Libo at Limang Daang Piso (PhP3,500.00) na hindi kasali rito ang akomodasyon o matutuluyan, may tatlong pananghalian, anim na isnak sa umaga at hapon, kit, handawt, sertipiko, isang T-shirt, lakbay-aral sa lungsod ng Surigao at para sa iba pang gagastusin.
6. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan kay Prop. Didith Polo Brown sa cellphone blg.: 0912-9162-620 o di kaya sa kanyang email address: didlthpbrown@yahoo.com.
7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran: Blg. 130, s. 2009

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS